

Modified In-School Off-School Approach Modules (MISOSA)
Distance Education for Elementary Schools
SELF-INSTRUCTIONAL MATERIALS

**H
E
K
A
S
I
6**



**KALUSUGAN AT KATALINUHAN AY
KAYAMANAN AT SUSI SA
KAUNLARAN**



Department of Education
BUREAU OF ELEMENTARY EDUCATION
2nd Floor Bonifacio Building
DepEd Complex, Meralco Avenue
Pasig City

Revised 2010

by the Learning Resource Management and Development System (LRMDS),
DepEd - Division of Negros Occidental
under the Strengthening the Implementation of Basic Education
in Selected Provinces in the Visayas (STRIVE).

Section 9 of Presidential Decree No. 49 provides:

“No copyright shall subsist in any work of the Government of the Republic of the Philippines. However, prior approval of the government agency or office wherein the work is created shall be necessary for exploitation of such work for profit.”

This material was originally produced by the Bureau of Elementary Education of the Department of Education, Republic of the Philippines.

This edition has been revised with permission for online distribution through the Learning Resource Management Development System (LRMDS) Portal (<http://lrmds.deped.gov.ph/>) under Project STRIVE for BESRA, a project supported by AusAID.





GRADE VI

**KALUSUGAN AT KATALINUHAN AY KAYAMANAN
AT SUSI SA KAUNLARAN**



ALAMIN MO





Pag-aralan ang mga larawan sa pahina 1.

- Ano ang ipinakikita sa mga larawan?
- Ano kaya ang mangyayari kung sakitin ang mga manggagawa?
- Ano naman kaya ang mangyayari kung matatalino ang mga mamamayan?



Sa araling ito, matututuhan mo ang kahalagahan ng mga malulusog at matatalinong mamamayan.

Handa ka na ba?



PAGBALIK-ARALAN MO

Isulat mo sa iginuhit na kahon ang mga salitang nagsasabi kung paano maging malusog at matalino. Pumili sa talaan sa ibaba. Isulat ang titik lamang.



- | | |
|-------------------------------|---|
| a. pag-eehersisyo | f. panonood ng makabuluhang palabas |
| b. pagkain ng prutas at gulay | g. paliligo araw-araw |
| c. pag-aaral nang mabuti | h. pag-iwas sa pagliban sa klase |
| d. paggawa ng gawaing bahay | i. pagbabasa ng kapakipakinabang na aklat |
| e. pag-inom ng gatas | j. pag-iwas ng labis na pagpupuyat |



PAG-ARALAN MO

Basahin at unawain mo.

Teksto A.

Mahalagang katangian ng mga mamamayan ng isang bansa ang kalusugan. Kung malusog ang mga mamamayan, magiging malusog ang bayan. Nagiging malaki ang produksiyon kung ang mga manggagawa ay malalakas at malulusog. Higit nilang magagampanan at napabibilis ang mga gawain. Kung sakitin ang mga manggagawa hindi sila magiging kapakipakinabang.

Ang ating pamahalaan ay patuloy na nagsisikap upang mapanatili ang kalusugan ng mga mamamayan. Kaya naglulunsad ito ng iba't ibang proyekto para sa kalusugan ng bayan tulad ng pagsugpo ng paglaganap ng mga sakit, "Sagip Mata" at iba pa.

Teksto B

Mahalaga rin sa bansa ang mga mamamayang nakapag-aral. Ang taong may pinag-aralan at matalino ay mapanuklas at malikhain. Nakapagbibigay ng wastong pagpapasya sa isyu o suliraning hinaharap ng bansa. Kung ang isang tao ay may pinag-aralan at matalino siya ay madaling makakahanap ng trabaho na angkop sa kanyang kasanayan at kakayahan. Nagiging malakas at maunlad ang isang bansang may mga mamamayang matalino at kapak-pakinabang.

Sa kasalukuyan, sinisikap ng pamahalaan ang pagtaas ng kalidad ng edukasyon sa bansa upang mapabuti ang pagbabahagi ng mga kaalaman sa mga mag-aaral. Nagpapatayo ng mga paaralan at nagsasagawa ng mga programa upang matugunan ang pangangailangang pang-edukasyon.

Naunawaan mo ba ang iyong binasa?


Sa Teksto A – Bakit mahalaga ang mga malulusog na mamamayan?

Sa Teksto B – Anu-ano ang kahalagahan ng matatalinong mamamayan?





Gumuhit ka ng “*Venn diagram*” tulad ng nakalarawan. Dito mo itala ang iyong sagot.





Matatalinong mamamayan

Malulusog na mamamayan



PAGSANAYAN MO

Iguhit ang  kung ang isinasaad ay tama at  kung mali.

- _____ 1. Nakatutulong sa paglaki ng produksiyon ang isang taong malusog.
- _____ 2. Nagiging kapakipakinabang sa pagawaan ang isang taong may sakit.
- _____ 3. Ang isang taong kulang sa karunungan ay malikhain.
- _____ 4. Ang malusog na manggagawa ay nakagagawa nang mabilis.
- _____ 5. Nagiging mabilis ang produksiyon kung may pinag-aralan at kasanayan ang mga tao.





TANDAAN MO

Ang malulusog at matatalinong mamamayan ay nakatutulong sa mabilis na pag-unlad ng bansa.



ISAPUSO MO

Sagutin ang Tseklis

| Ikaw ba'y..... | Palagi | Bihira | Hindi |
|---|--------|--------|-------|
| 1. nag-eehersisyo araw-araw? | | | |
| 2. kumakain ng prutas, gulay at umiinom ng gatas araw-araw? | | | |
| 3. nag-aaral nang mabuti ng iyong leksyon? | | | |
| 4. gumagawa ng gawaing-bahay araw-araw? | | | |
| 5. nagbabasa ng kapakipakinabang na aklat at ibang babasahin? | | | |



Piliin ang titik ng tamang sagot.

1. Ang mga mamamayang malulusog at matatalino ay _____.
 - a. nakatutuwang pagmasdan
 - b. nakatutulong sa mabilis na pag-unlad ng kabuhayan.
 - c. nakagagawa ng mga di-kanais-nais na bagay
 - d. nakahahadlang sa kaunlaran ng bansa

2. Alin sa mga ito ang nakapipinsala sa katawan ng tao?
 - a. labis na pagpupuyat
 - b. pangangalaga sa sarili
 - c. malinis na kapaligiran
 - d. tamang ehersisyo

3. Alin sa mga ito ang nagsisilbing panganib sa kalusugan ng tao?
 - a. nutrisyon
 - b. pag-eehersisyo
 - c. malnutrisyon
 - d. pahinga

4. Ano ang kabutihang dulot ng edukasyon?
 - a. matutong bumasa't sumulat
 - b. magkaroon ng magandang hanapbuhay
 - c. lumalaki ang pagkakataon na tumaas ang antas ng pamumuhay
 - d. lahat ng nabanggit

5. Anong uri ng manggagawa ang kailangan ng bansa upang umunlad?
 - a. malungkutin
 - b. may pinag-aralan at mayaman
 - c. may kasiglahan at kagandahan
 - d. malusog at may kasanayan



PAGTATAYA

Basahin ang sumusunod na mga kalagayan. Isulat ang titik ng tamang sagot sa iyong notebook.


1. Mula pa sa kindergarten, si Luisa ay laging nagkakamit ng karangalan hanggang sa siya ay nagtapos ng elementarya. Anong katangian mayroon si Luisa?
 - a. siya ay maganda
 - b. siya ay matalino at masipag mag-aral
 - c. siya ay palaasa sa kamag-aral
 - d. siya ay palakaibigan
2. Nagtatrabaho sa isang pagawaan si Mang Dante. Pinagbabaon siya ng kanyang asawa ng kanin, gulay at isda. Ano ang naging epekto nito kay Mang Dante?
 - a. tatamarin sa paggawa
 - b. aantukin maghapon
 - c. masiglang makapagtatrabaho
 - d. magugutom siya
3. Naatasang mamuno sa isang sangay ng kanilang opisina si Erwin. Napaunlad niya ito. Anong katangian ni Erwin na nakatulong sa pag-unlad?
 - a. marami siyang kaibigan
 - b. mayaman kasi siya
 - c. malakas siya sa may-ari ng kompanya
 - d. ginagamit niya nang wasto ang kanyang nalalaman
4. Si Erika ay nagpakadalubhasa sa panggagamot upang matamo ang kanyang layunin sa buhay. Nang siya ay nagtapos, siya ay mahusay na manggagamot na naglingkod sa kanyang mga kababayan. Anong katangian mayroon si Erika?
 - a. may kasanayan, may pinag-aralan, masipag
 - b. masipag, matiyaga, sakitin
 - c. maalalahanin, di-tapos ng pag-aaral, malusog
 - d. wala sa nabanggit





5. Ang pamahalaan ay naglunsad ng mga programa upang mapangalagaan ang kalusugan ng bayan. Nagpapadala ito ng mga inspektor sa restoran, palengke at supermarket. Bakit ginagawa ito ng pamahalaan?
- upang matiyak na may tinda araw-araw
 - upang matiyak na malinis ang binibiling pagkain
 - upang makapanghingi ng merienda
 - upang makapamasyal ang mga inspektor


PAGPAPAYAMANG GAWAIN

Narito ang dalawang katangian na dapat taglayin ng isang mabuting mag-aaral. Sagutin ng **OO** o **Hindi**. Kung Oo ang iyong sagot, isulat sa loob ng  kung paano mo ito ginagawa at kung hindi, isulat sa loob ng ang dahilan.

- Pinapanatili ang kalusugan ng katawan.
- Nag-aaral nang mabuti.

| | |
|----|----|
| 1. | 2. |
|----|----|

| | |
|----|----|
| 1. | 2. |
|----|----|



Binabati kita at matagumpay mong natapos ang modyul na ito! Maaari mo na ngayong simulan ang susunod na modyul.